

KAPAG NAG-RECYCLE LAHAT, PANALO TAYO LAHAT



Sa tuwing magdedeposito ka ng ilang pakete o isang diyaryo para sa pag-recycle, ito ang simula ng isang **bagay na malaki**.

Ang lumang takip ng bote ay magagawang bagong piraso ng metal para sa mga katawan ng kotse. Ang isang walang laman na pakete ng sabong panlaba ay maaaring maging isang bagong kahon ng sapatos, halimbawa. Ang diyaryo kahapon ay maaaring maging pangunahing balita ng kinabukasan. Ang mga hilaw na materyales ng kalikasan ay magagamit na muli at maraming enerhiya ang matitipid. Kapag ganoon, makakatulong tayo sa paglikha ng mas mabuting mundo na tinitirhan natin.

PAG-RECYCLE

Lahat ng mga pakete at mga diyaryo na kinolekta ay kukunin para sa pag-recycle upang maging bagong pakete o mga bagong produkto. Ang pakete ng plastik ay maaaring maging input na materyal para sa paghuhugas ng mga brush, mga taniman ng halaman at mga bag na plastik, halimbawa. Ang pakete ng salamin at papel ay karaniwang nagiging dagdag pang pakete. Ang pakete ng metal ay magagamit na pampatibay ng mga bar at ang mga lumang diyaryo ay magiging papel sa kusina o muling magiging newsprint.

RESPONSIBILIDAD NG PRODUCER

Mayroon kaming patakaran sa Sweden na tinatawag na responsibilidad ng producer. Nangangahulugan ito na ang mga kumpanya na gumagawa o nagbebenta ng pakete at mga diyaryo ay responsable para sa koleksyon at pag-recycle ng kanilang mga produkto. Sa Förpacknings- och Tidningsinsamlingen, FTI, nagtatrabaho kami sa ngalan ng mga kumpanyang ito. Nais naming gawing madali para sa iyo ang pag-recycle habang sa parehong oras naman ay pinapadami ang mga benepisyo sa kapaligiran ng pag-recycle. Ngunit kailangan namin ang iyong tulong upang magtagumpay dito.

MGA ISTASYON SA PAG-RECYCLE

Ang FTI ay responsable para sa lahat ng mga istasyon sa pag-recycle na walang tauhan sa paligid ng Sweden. Dito mo dapat dalhin ang mga diyaryo at mga pakete ng plastik, papel, metal at salamin para sa pag-recycle. Kung nakatira ka sa isang apartment block na may isang recycling point ang komunidad, dapat mong dalhin doon ang iyong mga pakete at mga diyaryo.

HIGIT PANG IMPORMASYON

Sa [www.ftiab.se/maghanap ng isang istasyon sa pag-recycle](http://www.ftiab.se/maghanap-ng-isang-istasyon-sa-pag-recycle) makikita mo ang iyong pinakamalapit na istasyon sa pag-recycle at tingnan kung wala itong laman at malinis. Maaari ka ring makahanap dito ng mga gabay sa pagbubukod-bukod, mga video sa pag-recycle, mga tip at payo, dagdag na impormasyon sa aming organisasyon.

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa pag-recycle ng mga diyaryo at mga pakete, mangyaring kontakin kami sa kontakt@ftiab.se o tawagan kami sa **0200-88 03 11**. Para sa mga tanong tungkol sa malalaking basura, pagko-compost, elektrikal na basura o iba pang mga isyu sa basura, mangyaring kontakin ang iyong lokal na awtoridad o magbasa nang higit pa sa www.sopor.nu

Magbukod-buko pa

Upang magkaroon ng mas maraming basura hangga't maaari sa pag-recycle, kailangan namin ang iyong tulong. Ang pakete ay dapat lubusang walang laman at medyo tuyo. Kung mayroon kang pakete na gawa sa higit pa sa isang materyal, dapat mo itong pagbukod-bukurin ayon sa materyal na sa tingin mo ay pinakamabigat. **Salamat!**



PAKETENG PLASTIK

Halimbawa: Mga bote, lata, mga bag na plastik, paketeng refill, mga tube na plastik, malutong na pakete at polystyrene.

- ✓ Alisin ang anumang mga stopper at mga lid. Tanggalaan ng laman ang iyong bag gamit ang iba't ibang uri ng paketeng plastik sa magkakahiwalay na mga lalagyan para sa bawat isa. Ito ay ginagawang mas madali sa kalaunang mga yugto ng pag-recycle.
- ✗ Ang mga produktong plastik maliban sa pakete ay dapat na inaayos bilang malalaki o basura ng sambahayan, hal. mga kasangkapan at mga laruan. Ang mga bote na may deposito ay dapat isauli sa tindahan para maibalik ang pera.



PAKETENG PAPEL

Halimbawa: Mga pakete ng pasta, mga karton ng gatas at juice, bag na papel, mga kahon ng sapatos, mga toilet roll tube at mga kahon na kardbord.

- ✓ Pantayin at itiklop sa dalawa. Ilagay ang maliit na pakete sa mas malaking pakete upang makatipid ng espasyo.
- ✗ Ang mga sobre ay dapat na inaayos bilang basura ng sambahayan o nasusunog na basura. Ang mga diyaryo, polyeto ng advertising at katulad nito ay dapat na ideposito sa lalagyan para sa mga diyaryo.



PAKETENG METAL

Halimbawa: Mga maliliit na lata, walang laman na mga pang-spray na lata, mga tube, ng bote, mga takip at walang laman na mga lata ng pintura.

- ✓ Tiklop ang mga matatalim na takip sa mga latang maliliit. Iwanan ang takip/stopper sa mga tube.
- ✗ Ang mga maliliit na lata na naglalaman ng pintura o natirang glue ay dapat na inihihiwalay bilang mapanganib na basura. Ang tirang metal, mga bahagi ng pagtutubero, mga kawali at iba pang mga produkto na hindi pakete ay dapat na binubukod bilang malalaki o basura ng sambahayan. Ang mga lata na may deposito ay dapat isauli sa tindahan para maibalik ang pera.



PAKETENG SALAMIN

Halimbawa: May kulay o malinaw na mga babasaging baso at mga garapon.

- ✓ Alisin ang mga takip, mga lid at mga tapon at pag-uri-uriin bilang kaukulang materyal. Paghiwa-hiwalayin ang may kulay at malinaw na babasagin na pakete sa tamang lalagyan.
- ✗ Dapat isauli sa tindahan ang mga boteng may deposito para maibalik ang pera. Ang porselana, mga seramika at iba pang mga produkto na hindi pakete ay dapat ibukod bilang malalaki o basura ng sambahayan. Ang mga ilaw na bombilya at mga ilaw na tubo ay dapat karaniwang dalhin sa mga lokal na awtoridad na may mga tauhan na mga sentro sa pag-recycle.



MGA DIYARYO

Halimbawa: Araw-araw at lingguhang mga diyaryo, magasin, katalogo, polyeto advertising, talaarawan at papel sa pagsulat/pagguhit.

- ✓ Alisin ang mga plastik na pambalot at mga sticker ng advertising.
- ✗ Ang mga sobre at nakataling mga libro ay dapat na ibukod bilang basura ng sambahayan o nasusunog na basura. Ang mga bag na papel, mga karton at katulad nito ay dapat na ideposito sa lalagyan ng paketeng papel.